


# PROJECT EASE

( Effective and Affordable Secondary Education )

## EDUKASYON SA PAGPAPAHALAGA I



### MODYUL BILANG 4



**BUREAU OF SECONDARY EDUCATION**  
**DEPARTMENT OF EDUCATION**  
DepED Complex, Meralco Avenue  
Pasig City



# EDUKASYON SA PAGPAPAHALAGA I

## Yunit I

### Modyul Blg. 4

#### Kaya Mo Ba?

#### I. Ano ang Inaasahang Matutuhan Mo?

“Kumusta ka?” “Ok lang”, (na ang ibig sabihin ay masaya, malungkot, naiinis, naiiyak). Marahil ay isa rito ang iyong isasagot mo o higit pa. Kasabay ng iyong pagsagot ay makikita sa iyong mukha at mata ang damdamin mo sapagkat hindi mo ito maitatago. Marahil pa nga ay basta ka na lamang iiyak, tatawa, sisigaw o iirap. Ito ang iyong mga emosyon na nagpapagalaw ng iyong buhay. Madali ka bang maapektuhan ng iyong emosyon? Kontrolado mo ba ang emosyon mo o kontrolado ka ng emosyon mo?

Pagkatapos mong pag-aralan ang modyul na ito, inaasahang natutuhan mo ang mga sumusunod na kasanayan at pagpapahalaga:

- A. Natutukoy ang iba’t ibang uri ng emosyon sa iba’t ibang pagkakataon
- B. Napahahalagahan ang wastong pamamahala ng emosyon sa pagharap sa mga hamon at mga suliranin sa buhay
- C. Nakatutugon sa mga hamon at suliraning pansarili sa pamamagitan ng wastong pamamahala ng emosyon

Ang modyul na ito ay sadyang binuo upang maunawaan mong mabuti ang mga aralin sa Edukasyon sa Pagpapahalaga I kahit hindi ka makapasok sa paaralan nang regular. Upang maging lubos ang iyong pag-unawa sa mga nilalaman ng aralin, sundin mo nang tapat ang mga sumusunod na tagubilin:

- 1. Basahin ang modyul ayon sa pagkakasunud-sunod ng mga gawain.
- 2. Unawaing mabuti ang nilalaman ng paksang aralin.
- 3. Basahin at sundin ang mga panuto at iba pang tagubilin.
- 4. Pag-isipang mabuti ang sagot sa bawat tanong bago ito isulat sa kuwaderno ng Edukasyon sa Pagpapahalaga.
- 5. Maging tapat sa iyong sarili sa lahat ng pagkakataon. Laging isaalang-alang ang iyong puso at damdamin sa pagsagot sa mga

tanong. Gamiting gabay ang layuning matuto at mapaunlad ang sariling pagkatao sa lahat ng mga gawain.

6. Magtanong sa guro, magulang, kamag-aral o kaibigan kung kailangan.
7. Maging matiyaga sa pag-aaral. Huwag mawalan ng pag-asa kahit nahihirapan.

Bago mo simulan ang gawain sa modyul, sagutin mo ang mga sumusunod na panimulang pagsubok.

## II. Handa Ka na Ba?

- I. Tukuyin ang emosyon na ipinahihiwatig ng bawat isa sa Hanay A. Isulat ang titik na may wastong sagot sa Hanay B.

### Hanay A

1. "Ayaw ko nang mabuhay."
2. "Napakaganda naman ng iyong ginawa."
3. "Puwede ba layuan mo ako at huwag ka nang magpakita."
4. "Ang bagal naman ng oras."
5. "Nakikiramay ako sa iyong pamilya."
6. "Sana sinabi ko na lang sa iyo para naunawaan ka niya."
7. "Salamat sa iyong pakikiramay."
8. "Salamat po sa Diyos sa lahat ng biyayang ipinagkaloob Niya."
9. "Bakit hindi ka nakatapos ng pag-aaral?"
10. "Eh ano ngayon, kung dumating siya!"

### Hanay B

- A. Kuntento
- B. Malungkot
- C. Pagwawalang-bahala
- D. Galit
- E. Masaya
- F. Paghanga
- G. Pagkabagot
- H. Kawalan ng pag-asa
- I. Pagkabigo
- J. Pasasalamat
- K. Patiwasayan

- II. Ang positibo o negatibong emosyon ay nararapat na pamahalaan nang wasto. Mula sa mga sitwasyon sa ibaba, tukuyin kung dapat gamitin ay virtue ng temperance o fortitude. Titik lamang ang isulat.

A. Temperance (pagtitimpi)

B. Fortitude (katatagan)

1. Namatay ang ama ni Lawrence nang siya ay nasa unang taon sa paaralang sekundarya. Nais niyang makatapos ng kanyang pag-aaral. Ang ina lamang niya ang tangi ngayong naghahanapbuhay. Marami silang magkakapatid.
2. Crush ni Joy ang tinedyer na bagong lipat sa tabi ng kanilang bahay. Nagkakilala sila at nalaman niyang pareho silang labintatlong taong gulang. Niligawan siya nito ngunit minabuti niyang iwasan ito. Alam ni Joy na siya ay masyado pang bata.

3. Nakaipon si Luisa ng pera mula sa kanyang baon. Gusto niyang bumili ng bagong damit. Kaya lang, kinakailangan niyang bumili ng mga gamit para sa kanyang proyekto sa isa niyang asignatura.
4. Gusto ni Sienna na sumama sa birthday party ng kanyang kaklase. Lahat ng kanyang kaibigan ay dadalo. Subalit pinakiusapan siya ng kanyang nanay na huwag na lang dumalo dahil masama ang kanyang pakiramdam. Kaya pinili niyang bantayan na lang ang kanyang nanay kaysa pumunta sa party.
5. Lumipat ng bahay ang pamilya ni Katrina. Napakalayo nito sa kanilang paaralan. Kinakailangan niyang maglakad nang malayo dahil wala pa ritong gaanong sasakyan. Nahihirapan siyang maglakad dahil marami siyang dalang mga gamit.

Marahil ay maraming tanong sa iyong sarili na nais mo ngayong masagot pagkatapos mong sagutan ang panimulang pagsubok. Kung ganoon, masasagot ang mga iyon kung uumpisahan mo nang tuklasin ang mga ito mula sa mga sumusunod na gawain.

### III. Tuklasin Mo

#### Gawain Blg. 1

#### Gaano Ka Ka-mature?

- A. Lagyan ng tsek (✓) ang kolum na sa iyong palagay ay naglalarawan ng iyong kilos.

Immature na Kilos		Mature na Kilos	
1. Palaasa sa iba		1. Nagpapasya para sa sarili	
2. Umiiwas sa responsibilidad		2. Tinutupad ang nakaatang na responsibilidad bilang mabuting anak, mag-aaral at mamamayan	
3. Sinusunod na lamang kung ano ang sasabihin at gagawin ng iba		3. Tumutulong sa iba	
4. Nag-aalala palagi		4. Tinitimbang ang solusyong naisip sa suliranin	
5. Madaling magalit		5. Nakokontrol ang galit at inis	
6. Sinisisi lagi ang sarili sa lahat ng pagkakataon		6. Tinatanggap ang sariling pagkakamali	

- B. Mula sa mga kolum na nilagyan mo ng tsek, isulat ang mga karanasang sa palagay mo ay kumilos ka nang may maturity. Gayundin, ibahagi ang mga karanasan kung saan ay naging “immature” ang iyong kilos.

Mature

Halimbawa: Hindi ko pinatulan si Jerry nang ako ay kanyang tuksuhin.

Immature

Halimbawa: Iniwan ko ang kaibigan ko nang hindi niya ako ipinagbayad sa jeep.

### **Sagutin Mo**


1. Ano ang maaaring maging epekto sa iyong pakikipagkapwa kung immature ang iyong kilos?
2. Bakit mahalagang baguhin ang mga kilos na immature?
3. Paano mababago ang mga kilos na sa iyong palagay ay immature?

## Gawain Blg. 2


### KAYA MO BA?

Panuto: Basahin ang mga gagawin sa ibaba. Sundin nang mahusay at ayon sa pagkakasunud-sunod:


- Sa parisukat sa itaas ay nakasulat ang sitwasyon. Unawain ito. Ilagay mo ang iyong sarili sa sitwasyon.
- Sa mga bilog, iguhit ang mga mukha ng damdamin/emosyon na mararamdaman mo kapag nangyari ang sitwasyon sa iyo. Mamili ng mukha ng damdamin/emosyon sa mga nakaguhit sa kahon ng damdamin/emosyon. Maaari kang magdagdag ng bilog kung kulang.
- Sa mga kahon sa ibaba ng bilog, isulat ang mga maaaring mangyari kung mangingibabaw ang emosyong ito sa iyo ayon sa pagkakasunud-sunod. Maaari ding magdagdag ng kahon.
- Sa tatsulok ay isulat ang iyong huling pasya kung nararapat ba ang emosyon o kung ito'y dapat panatilihin o baguhin.
- Ipaliwanag ang iyong pasya.



**Sitwasyon Blg. 1:** May matalik kang kaibigan na itinuring mong kapatid. Subalit nahuli mo siyang sinisiraan ka at ang pamilya mo.




**Sitwasyon Blg. 2:** Masayang pamilya kayo kahit mahirap lamang. Sa inyong pamamasyal, nabaril ng ligaw na bala ang iyong ama na ikinamatay niya. Inatake sa puso ang nanay mo kaya't siya ay naging paralisado.





**Sitwasyon Blg. 3:** Nakatira ka kasama ng iyong pamilya sa Mindanao. Naipit kayo sa labanan ng mga sundalo ng pamahalaan at MILF. Nag-iiyakan ang mga kapatid mo.



## Sagutin Mo

1. Nahirapan ka ba sa gawain? Bakit?
2. Anu-ano ang mga natutuhan mo sa gawain?
3. Bakit nararapat pamahalaan ang emosyon? Magbigay ng mga halimbawa.
4. Anu-anong mga emosyon ang madali mong mapamahalaan? Ang mahirap mong mapamahalaan? Patunayan.
5. Paano mo nararapat pamahalaan ang iyong mga emosyon?
6. Anu-anong mga emosyon ang kailangan mo sa pagharap sa mga suliranin at hamon sa buhay?

## Gawain 3

Alamin ang iyong Emotional Quotient (EQ). Ito ay sa pamamagitan ng pagbilog sa bilang na nagpapahayag ng pamamahala mo ng iyong emosyon.

### KUMUSTA ANG IYONG EQ?

<b>A. Kamalayan sa Sariling Damdamin</b>	Palagi	Minsan	Bihira	Hindi
1. Alam ko ang mga nararamdaman ko at mga tawag dito.	3	2	1	0
2. Alam ko kapag nagbabago o tumitindi ang aking emosyon/damdamin.	3	2	1	0
3. Pinakiramdaman ko ang aking emosyon sa bawat sitwasyon.	3	2	1	0
4. Basta na lamang ako nagiging emosyonal nang di ko namamalayan.	0	1	2	3
5. Hindi ko inaalang ang dahilan ng aking pagiging emosyonal.	0	1	2	3
<b>B. Pamamahala sa Sariling Damdamin</b>				
6. Hindi ko mapigil ang aking sarili kapag ako ay nagagalit.	0	1	2	3
7. Lumalapit ako sa ibang tao kapag ako ay may problema.	3	2	1	0
8. Minamabuti kong sarilinin ang aking mga problema	0	1	2	3
9. Nagugustuhan ko ang aking kalagayang emosyonal	3	2	1	0
10. Katulad ng iba, kalmado ang aking emosyon.	3	2	1	0
<b>C. Panghihikayat sa Sarili</b>				
11. Madali kong nauumpisahan ang isang gawain kahit mahirap gawin.	3	2	1	0

12. Sumasali ako sa mga gawaing kakaiba at malikhain.	3	2	1	0
13. Nahihirapan akong ipagpaliban ang personal na lakad o kasiyahan (gimik) para sa isang mahalagang bagay.	0	1	2	3
14. Pinapangarap ko ang gusto kong kalagayan sa hinaharap.	3	2	1	0
15. Magaling akong gumawa o magpasimuno ng solusyon ng isang problema.	3	2	1	0
<b>D. Pagdama sa Damdamin ng Kapwa</b>				
16. Mahirap kong maramdaman ang sakit ng loob ng ibang tao kung hindi siya magsasalita.	0	1	2	3
17. Nahihiya akong lumapit sa ibang tao upang tumulong sa kanyang problema.	0	1	2	3
18. Iniisip ko muna ang damdamin ng iba bago ako magbitiw ng salita.	3	2	1	0

Twila G. Punsalan, *Buhay*

Iskor	Antas ng Emosyon
25 - 33	= Napakahusay ng pagdadala ng emosyon
17 - 24	= Katamtaman ang husay
9 - 16	= May problema sa emosyon
0 - 8	= May pagkamanhid o walang pakialam

### Sagutin Mo

1. Naibigan mo ba ang gawain? Bakit?
2. Anu-ano ang mga natuklasan mo sa iyong sarili sa gawain?
3. Anu-ano ang mga nalagyan mo ng mataas na iskor? Ang mga may mababang iskor? Bakit?
4. Batay sa resulta ng gawain, masasabi mo bang marunong ka ng mamahala ng iyong emosyon? Patunayan.

## IV. Ano Ang Iyong Natuklasan?


Ipahayag ang iyong mga natuklasan sa pamamagitan ng pagtatapos ng mga inumpisahang pangungusap.

1. Ang emosyon ay

---

---

---




2. Ang positibong emosyon ay

---

---

---



3. Nararapat pamahalaan ang emosyon sapagkat

---

---

---




4. Ang negatibong emosyon ay

---

---

---



5. Kailangan ang \_\_\_\_\_  
sa pagharap sa mga hamon at  
suliranin sa buhay.



## V. Pagpapatibay

### Kahulugan ng Emosyon

Mula sa mga sinasagap mula sa kapaligiran, nakakakalap ang tao ng kanyang mga pandamdang na bibigyan naman ng katuturan ng kanyang isipan. Mahalaga ang uri ng reaksiyon na kanyang ibibigay sa kanyang mga sinagap.

Ang emosyon ang siyang tugon ng tao sa mga bagay na kanyang nakikita, nararamdaman, naririnig, nalalalahan at naaamoy. Positibo ang emosyon ng tao kung ito ay itinuturing niyang mabuti, kaaya-aya at nakapagpapasaya sa kanya. Negatibo naman ang emosyon kung ito ay itinuturing niyang masama, nakalulungkot, nakababagabag o nakasakit ng damdamin.

Kung ganoon, ang kanyang emosyon ang nagpapamalas ng pagpapahalaga ng tao sa mga bagay na kanyang nakikita, nadarama, naririnig, nalalalahan at naaamoy. Halimbawa, narinig mong may yabag ng mga paa sa labas ng inyong bahay. Pagkatapos, narinig mong may kumatok sa inyong pinto. Binuksan ng kapatid mo ang pinto at narinig mo ang boses ng iyong ama. Alas diyes na ng gabi. Kung ikaw ay naghihintay sa iyong ama, bigla kang lalapit sa kanya at babatiin siya. Samantala kung dapat ay tulog ka na ng oras na iyon at alam mong magagalit ang iyong ama, maaaring hindi ka sumagot at magkunwaring natutulog na. Ito ay isa lamang sitwasyon na maaaring magkaroon ng iba't ibang uri ng emosyon.

Narito ang talaan ng mga pangunahing emosyon ng tao

Pagmamahal (love)	Pagkamuhi (hatred)
Pagnanasa (desire)	Pag-iwas (aversion)
Pagkatuwa (joy)	Pagdadalamhati (sorrow)
Pag-asa (hope)	Pagkabigo (despair)
Pagiging matatag (courage)	Pagkagalit (anger)
	Pagkatakot (fear)

Ang unang kolum ay mga emosyong nakasisiya sa damdamin subalit nangangailan nang maayos na pamamahala. Ang virtue ng pagtitimpi (temperance) ay kailangan. Bagamat nakita at naamoy mong masarap ang pagkain sa mesa subalit alam mong hindi sa iyo iyon, kailangang hindi mo ito kainin.

Ang ikalawang kolum ay tumutukoy sa mga emosyong mahirap sa damdamin na tanggapin dahil ito ay masakit, nakalulungkot o nakatatakot. Marami ang mag-aaral na ayaw kumuha ng mahirap na kurso (halimbawa: engineering) dahil nahihirapan at natatakot sila sa maraming pagtutuos at pagbibilang. Kaya't ang virtue ng katatagan (fortitude) ay kailangan upang malampasan ang hirap at takot na nararamdaman.

## Emotional Literacy

Ang emotional Quotient (EQ) ay ang kakayahang kumilala, umalam at umunawa ng mga damdaming pansarili at ng ibang tao at kakayahang gamitin ang kapangyarihan at kagalingan ng mga damdaming ito upang magdulot ng makataong enerhiya, impormasyon at impluwensiya.

Ang EQ ay may iba't ibang aspeto:

1. *Pagkilala sa sariling emosyon* – ang kamalayan sa mga nangyayari sa sarili o kakayahang kumilala sa sariling damdamin habang nararamdaman.
2. *Pangangasiwa sa sariling emosyon* – ang kakayahang makontrol ang iba't ibang emosyon dahil ang mga ito ay may epekto sa kalagayan ng loob at pakikiugnay sa kapwa.
3. *Panghihikayat sa sarili na gumawa ng mabuti* – ang kakayahang disiplinahin ang emosyon tulad ng pagtitimpi na gawin ang isang bagay na hindi dapat.
4. *Pagdama sa damdamin ng kapwa* – ang kakayahang makadama sa pangangailangan o damdamin ng iba. Nagagawa mo ito kapag nagagawa mong pakiramdaman ang iyong sarili.
5. *Pangangasiwa ng ugnayan* – ang kakayahan sa pagpapanatili ng magandang ugnayan sa kapwa. Ang pagdadala ng ugnayan ay nangangahulugan ng pangangasiwa ng emosyon.

### Gamitin sa Kabutihan ang Iyong Emosyon

1. **Ang mga positibong emosyon ay makadadag-sigla sa buhay.** Sa harap ng panganib, ang mga emosyon mo ay mag-uudyok sa adrenalin upang dumaloy nang marami at malakas kasama ng iyong dugo. Sa gayon, magagawa mo ang isang bagay na hindi kayang gawin ng karaniwang tao. Ang mga madaling mawalan ng pag-asa ay nanghihina, samantalang ang may matibay na loob at pananampalataya ay nakatatagal.
2. **Ang mga negatibong emosyon ay nakapipinsala sa iyong katawan.** Ang mga negatibong emosyon ay nakaaapekto sa katawan. Ang sama ng loob, poot, inggit, galit at iba pa ay nakaaapekto sa bilis ng pintig ng puso, paghinga at pati sa temperatura ng katawan.
3. **Ang mga emosyon ay maaaring ikundisyon.** Ang emosyon ay napipigil, nasisikil, napalalabas mo sa pamamagitan ng iyong isip. Nararapat na ang pag-iisip ang susupil sa emosyon at di ang emosyon ang susupil sa iyong pag-iisip.
4. **Ang mga emosyon ay mapasusunod tungo sa kapakinabangan.** Ang paghanga ay makapagbibigay ng inspirasyon sa pag-aaral. Ang takot ay makapagpipigil sa iyo na iwasan gawin ang makasasama sa iyo o sa pamilya mo. Ang iyong emosyon ay hindi mo basta aalisin na lamang. Mahalagang pamahalaang mabuti ang mga ito tungo sa iyong kabutihan at mabuting kapakanan din ng iyong kapwa.

Halaw sa *Pagtatagumpay sa Pakikibaka sa Sarili*

## VI. Pagnilayan At Isabuhay Mo

Basahin at unawain ang mensaheng ipinahihiwatig ng mga sumusunod:

Ang may nais ng payapa at saganang pamumuhay  
Dila niya ay pigilin sa paghahabi ng kasamaan.

I Pedro 3:10

Tandaan ninyo ito, mga kapatid kong minamahal:  
Matuto kayong makinig, dahan-dahan sa pagsasalita at  
huwag agad magagalit. Sapagkat ang galit ay di  
nakatutulong upang maging matuwid sa paningin ng  
Diyos.

Santiago 1:19-20

Kung magagalit man kayo, iwasan ninyo ang  
magkasala. Agad ninyong pawiin ang galit. Huwag  
ninyong bigyan ng pagkakataon ang diyablo.

Efeso 4:26-27

Pagbawalan mo silang magsalita ng masama  
kaninuman.

Tito 3:2

### Sagutin Mo

1. Paano mo iugnay sa natapos na aralin ang mga talatang ito?
2. Anu-anong mga paraan ang maaari mong isagawa upang mapamahalaan ng wasto ang emosyon?

## VII. Gaano Ka Natuto?

- A. Panuto: Piliin at isulat sa notebook ang titik sa hanay B na inilalarawan sa mga bilang sa hanay A.

### Hanay A

1. Damdaming may matinding sama ng loob
2. Pagkabahala sa sarili na masaktan
3. Pagkahapis o pagdadalamhati
4. Damdaming dulot ng isang biglaang pangyayari
5. Masidhing damdamin ng pagkainis
6. Nagbibigay kulay at nagpapagalaw sa buhay ng tao
7. Paghihintay sa isang mangyayari sa hinaharap
8. Kakayahang kumilala, umalam at umunawa sa damdaming pansarili at ibang tao
9. Damdaming matiwasay dahil sa pagtanggap ng iba
10. Masidhing damdamin ng kasiyahan o katuwaan

### Hanay B

- A. pagkamuhi
- B. emosyon
- C. pagkagulat
- D. pagkagalit
- E. Emotional Quotient
- F. pagkagalak
- G. pagtanggap
- H. pag-asam
- I. pagkalungkot
- J. pagkatakot
- K. pagkabigo

- E. Tukuyin at isulat kung positibo o negatibo ang pamamahala ng emosyon sa bawat sitwasyon sa ibaba. Kung negatibo ay gawin itong positibo at ipaliwanag.

1. May bagong lipat na kapitbahay sina Lisa. Umalis ang pamilyang Muslim na ito sa Mindanao dahil sa digmaan. Nakikipagkaibigan si Lisa sa mga anak na tin-edyer.
2. Napagalitan ng guro sa Matematika ang kaklase mo dahil sa hindi pagsagot sa takda. Mula noon, ayaw na niyang pumasok dito. Nagtatago siya at nanginginig kapag nakikita niya ang guro.
3. Nalaman ni Elena na pinintasan siya ng kanyang mga kaibigan dahil sa kanyang pananamit. Labis niyang ikinagalit ito. Mula noon, ayaw na niyang kausapin ang mga ito.
4. Tuwang-tuwa si Ana nang malamang siya ang nanalo sa eleksyon sa kanilang paaralan. Siya na ang pinuno ng pinakamataas na samahan sa paaralang iyon. Pinasalamatan niya ang kanyang mga kamag-aral at kaibigan. Sinabi niyang kanyang tutuparin ang kanyang ipinangako noong siya ay nangampanya.
5. Nakangiti si Elena habang nagsasayaw. Lalo niyang hinusayan nang magpalakpakan ang mga taong nanonood.



III. Ang positibo o negatibong emosyon ay nararapat na pamahalaan nang wasto. Mula sa mga sitwasyon sa ibaba, tukuyin kung dapat gamitin ay virtue ng temperance o fortitude. Titik lamang ang isulat.

A. Temperance (pagtitimpi)

B. Fortitude (katatagan)

1. Namatay ang ama ni Lawrence nang siya ay nasa unang taon sa paaralang sekundarya. Nais niyang makatapos ng kanyang pag-aaral. Ang ina lamang niya ang tangi ngayong naghahanapbuhay. Marami silang magkakapatid.
2. Crush ni Joy ang tinedyer na bagong lipat sa tabi ng kanilang bahay. Nagkakilala sila at nalaman niyang pareho silang labintatlong taong gulang. Niligawan siya nito ngunit minabuti niyang iwasan ito. Alam ni Joy na siya ay masyado pang bata.
3. Nakaipon si Luisa ng pera mula sa kanyang baon. Gusto niyang bumili ng bagong damit. Kaya lang, kinakailangan niyang bumili ng mga gamit para sa kanyang proyekto sa isa niyang asignatura.
4. Gusto ni Sienna na sumama sa birthday party ng kanyang kaklase. Lahat ng kanyang kaibigan ay dadalo. Subalit pinakiusapan siya ng kanyang nanay na huwag na lang dumalo dahil masama ang kanyang pakiramdam. Kaya pinili niyang bantayan na lang ang kanyang nanay kaysa pumunta sa party.
5. Lumipat ng bahay ang pamilya ni Katrina. Napakalayo nito sa kanilang paaralan. Kinakailangan niyang maglakad nang malayo dahil wala pa ritong gaanong sasakyan. Nahihirapan siyang maglakad dahil marami siyang dalang mga gamit.

## VIII. Mga Sanggunian

Bacungan, Cleofe M., 1996. *A Text on Values Education*. Manila: Katha Publishing Co., Inc.

Esteban, Esther J. 1990. *Education in Values: What, Why and For Whom*. Manila: Sinag-tala Publisher, Inc.

Sala, Harold J. 1997. *Pagtatagumpay sa Pakikibaka sa Sarili*, Manila: OMF Literature Inc.

Susi sa Pagwawasto

- I. 1. D
- 2. J
- 3. I
- 4. A
- 5. B
- 6. H
- 7. E
- 8. G
- 9. F
- 10.C

- II. 1. B
- 2. A
- 3. A
- 4. A
- 5. B

Gaano Ka Natuto?

- I. 1. A
- 2. J
- 3. I
- 4. C
- 5. D
- 6. B
- 7. H
- 8. E
- 9. G
- 10.F

- II. 1. Positibo
- 2. Negatibo
- 3. Negatibo
- 4. Positibo
- 5. Positibo

- III. 1. B
- 2. A
- 3. A
- 4. A
- 5. B